# ANG KUWENTO NI ABRAHAM (BAHAGI 5 NG 7): ANG PAGHANDOG KAY HAGAR AT ANG KANYANG SULIRANIN

**Marka:**


**Paglalarawan?:** Ang ilang mga ulat tungkol sa paglalakbay ni Abraham patungong Ehipto, ang kapanganakan ni Ismael, at pakikipagsapalaran ni Hagar sa Paran.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Mga kwento ng mga Propeta

**Ni:** Imam Mufti

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 25 Jun 2019

## Si Abraham sa Canaan at Ehipto



Nanatili si Abraham sa Canaan ng maraming taon na nagtutungo sa bawat lungsod na nangangaral at inaanyayahan ang mga tao sa Diyos hanggang sa isang taggutom na napilitan siya at si Sarah na lumipat sa Ehipto. Sa Ehipto ay may isang naghahari-hariang Paraon na may masidhing hangaring angkinin ang mga babaeng may asawa na.[1] Ang Islamikong kwento na ito ay kapansin-pansing naiiba kaysa sa mga tradisyon ng Hudyo-Kristyano, na kung saan sinasabi na inangkin ni Abraham na si Sarah[2] ay kanyang kapatid na babae upang mailigtas ang kanyang sarili sa Paraon[3]. Ginawa ng Paraon si Sarah na kabilang sa kanyang mga asawa at pinarangalan si Abraham para dito, ngunit nang ang kanyang bahay ay tinamaan ng matinding peste, nalaman niya na siya ay asawa ni Abraham at pinarusahan siya sa hindi pagsasabi sa kanya, kaya't pinalayas siya mula sa Ehipto.[4]

Alam ni Abraham na makukuha ni Sarah ang kanyang atensyon (ng hari), kaya sinabi niya sa kanya na kung tatanungin siya ng Paraon, dapat niyang sabihin na siya ay kapatid ni Abraham. Nang pumasok sila sa kanyang kaharian, tulad ng inaasahan, tinanong ng Paraon ang tungkol sa kanyang kaugnayan kay Sara, at sumagot si Abraham na siya ay kanyang kapatid na babae. Bagaman ang sagot ay nagpabawas sa ilan sa kanyang pagkahilig, binihag niya pa rin siya. Ngunit ang proteksyon ng Makapangyarihan sa lahat ang nagligtas kay Sarah mula sa kanyang masamang balak. Nang tinawag ni Paraon si Sarah para gawin ang kanyang masamang hangarin, bumaling si Sarah sa Diyos at nanalangin. Sa sandaling inaabot na ni Paraon si Sarah, nanigas ang itaas ng kanyang katawan. Sumigaw siya kay Sarah sa pagkabalisa, nangako na palalayain siya kung magdadasal siya para sa kanyang paggaling! Nanalangin siya para makalaya siya. Ngunit pagkatapos lamang ng nabigong ikatlong pagtatangka ay sa wakas tumigil na siya. Napagtanto ang kanilang natatanging

kalikasan, pinalaya niya siya at ibinalik sa kanyang sinasabing kapatid.

Bumalik si Sara habang nagdarasal si Abraham, kasama ang mga regalo mula sa Paraon, dahil sa napagtanto niya ang kanilang natatanging kalikasan, kasama ang sariling anak na babae ng hari na si Hagar, ayon sa tradisyon ng Hudyo-Kristyano, bilang isang babaeng alipin[5]. Naghatid siya ng isang makapangyarihang mensahe sa Paraon at sa mga paganong taga-Ehipto.

Matapos silang bumalik sa Palestine, sina Sarah at Abraham ay nanatiling walang anak, sa kabila ng mga pangako ng Diyos na bibigyan siya ng isang anak. Dahil sa ang paghahandog ng isang aliping babae ng isang baog na babae sa kanyang asawa upang makabuo ng mga anak ay tila isang karaniwang kaugalian sa panahon na iyon [6], iminungkahi ni Sarah kay Abraham na kunin niya si Hagar bilang kanyang babae. Ang ilang mga Kristiyanong iskolar ay nagsabi tungkol sa kaganapang ito na inasawa talaga siya ni Abraham[7]. Alinmang kaso ito, sa tradisyon ng Hudyo at Babilonya, ang anumang supling na ipinanganak sa isang aliping babae, ay aangkinin ng amo ng aliping babae at ituturing na katulad ng isang batang ipinanganak mula sa kanya[8], kasama na ang mga usapin ng mana. Habang nasa Palestine, ipinanganak ni Hagar ang isang anak na lalaki, si Ismael.

## Si Abraham sa Mecca

Nang pinapasuso pa si Ismael, pinili pa rin ng Diyos na subukan ang pananampalataya ng kanyang minamahal na si Abraham at inutusan siyang dalhin sina Hagar at Ismael sa isang tigang na lambak ng Bakka 700 milya sa timog-silangan ng Hebron. Sa kalaunan tinawag itong Mecca. Sa katunayan ito ay isang mahusay na pagsubok, sapagkat siya at ang kanyang pamilya ay nananabik ng gayong panahon sa mga anak, at nang ang kanilang mga mata ay napuno ng kagalakan ng isang tagapagmana, ang utos ay ipinatupad na dalhin siya sa isang malayong lupain, na kilala sa kawalan at kahirapan.

Habang ang Quran ay nagpapatunay na ito ay isa pang pagsubok para kay Abraham habang si Ismael ay isang sanggol pa, ang Bibliya at mga tradisyon ng Hudyo-Kristyano ay iginiit na ito ay bunga ng galit ni Sarah, na humiling kay Abraham na palayasin si Hagar at ang kanyang anak nang makita niyang "Kinukutya" ni Ishmael[9] si Isaac[10] pagkatapos siyang awatin sa pagpapasuso sa ina. Dahil ang tipikal na edad para sa pag-tigil sa pagpapasuso, ay hindi bababa sa tradisyon ng mga Hudyo, ay 3 taon[11], iminumungkahi na si Ismael ay humigit-kumulang 17 taong gulang[12] nang mangyari ang kaganapang ito. Tila napaka imposible, na kargahin ni Hagar ang isang binata sa kanyang balikat at dalhin siya ng daan-daang milya hanggang sa makarating siya sa Paran, pagkatapos tsaka lamang siya inilapag, tulad ng sabi ng Bibliya, sa ilalim ng isang halamanan[13]. Sa mga talatang ito si Ismael ay tinutukoy sa ibang salita kaysa sa ginamit na paglalarawan sa pagpapalayas sa kanya. Ang salitang ito ay nagpapahiwatig na siya ay napakabata, marahil isang sanggol, imbis na binata.

Kaya't si Abraham, matapos na manirahan kasama sina Hagar at Ismael, ay iniwan sila roon na may isang balat (lalagyan) ng tubig at bag na puno ng mga datiles. Nang magsimulang maglakad si Abraham upang iwanan sila, nag-aalala si Hagar tungkol sa

nangyayari. Hindi lumingon si Abraham. Hinabol siya ni Hagar, **‘O Abraham, saan ka pupunta, iiwan mo kami sa lugar na ito kung saan walang tao na makakasama para maging masaya, ni kahit ano wala din dito?’**

Nagmadali sa paglalakad si Abraham. Sa wakas, itinanong ni Hagar, **'Hiniling ba ng Diyos na gawin ito?'**

Bigla, tumigil si Abraham, tumalikod at sinabi, **'Oo!'**

Nakaramdam ng kasiyahan sa sagot na ito, tinanong ni Hagar, **'O Abraham, kanino mo kami iiwan?'**

**'Iiwan ko kayo sa pangangalaga ng Diyos,'** sagot ni Abraham.

Sumuko si Hagar sa kanyang Panginoon, **'ako ay kuntento makasama ang Diyos!'**[14]

Habang pabalik na siya kay maliit na Ismael, si Abraham naman ay nagpatuloy hanggang sa makarating siya sa isang makitid na daanan sa bundok kung saan hindi na nila siya makita. Huminto siya roon at hiniling sa Diyos sa panalangin na:

***"O aming Panginoon! Hinayaan ko ang iba sa aking mga anak na manirahan sa lambak na walang pananim, sa iyong Sagradong Tahanan (ang Ka’ba sa Makkah), upang sa gayon, o aking Panginoon, na sila ay magsipag-alay ng panalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), kaya’t Inyong gawaran ang puso ng ibang tao na may pagmamahal tungo sa kanila, at (o Allah) Inyong pagkalooban sila ng mga bungangkahoy upang sila ay magbigay ng pasasalamat." (Quran 14:37)***

Di-nagtagal, naubos ang tubig at mga datiles at nadagdagan ang desperasyon ni Hagar. Dahil hindi maalis ang kanyang pagkauhaw o di makapagpasuso sa kanyang maliit na sanggol, si Hagar ay nagsimulang maghanap ng tubig. Iniwan si Ismael sa ilalim ng isang puno, sinimulan niyang akyatin ang mabatong bulubundukin sa isang malapit na burol. 'Baka mayroong isang karawahe na dumaraan,' naisip niya sa kanyang sarili. Tumakbo siya sa pagitan ng dalawang burol ng Safa at Marwa ng pitong beses na naghahanap ng mga palatandaan ng tubig o tulong, na kalaunan ay ginagawa ng lahat ng mga Muslim sa Hajj. Nanghihina at nababagabag, narinig niya ang isang tinig, ngunit hindi niya mahanap ang pinagmumulan nito. Pagkatapos, nang tumingin sa lambak, nakita niya ang isang anghel, na kinilala bilang si Gabriel sa Islam[15], nakatayo sa tabi ni Ismael. Ang anghel ay naghukay sa lupa gamit ang kanyang sakong sa tabi ng sanggol, at ang tubig ay umagos. Ito ay isang himala! Sinubukan ni Hagar na gumawa ng isang palanggana o tipunan sa paligid nito upang maiwasan itong dumaloy, at punan ang kanyang balat (lalagyan ng tubig).[16] **'Huwag matakot na mapabayaan,'** sabi ng anghel, **'sapagkat ito ang Bahay ng Diyos na itatayo ng batang ito at ng kanyang ama, at hindi pinapabayaan ng Diyos ang kanyang mga tao.'**[17] Ang balon na ito, na tinawag na Zamzam, ay dumadaloy hanggang sa araw na ito sa lungsod ng Mecca sa Arabian Peninsula.

Hindi nagtagal pagkatapos nito ang tribo ng Jurham, na naglilipat mula sa timog ng Arabya, ay tumigil sa tabi ng lambak ng Mecca matapos makita ang hindi

pangkaraniwang tanawin ng isang ibon na lumilipad sa direksyon nito, na maaari lamang mangahulugan ng pagkakaroon ng tubig. Kalaunan ay nanirahan sila sa Mecca at si Ismael na lumaki sa kanila.

Ang isang katulad na ulat tungkol sa balon na ito ay mababasa sa Bibliya sa Genesis 21. Sa ulat na ito, ang dahilan ng paglayo niya sa sanggol ay sa pag-iwas na makita siyang mamatay sa halip na maghanap ng tulong. Pagkatapos, matapos na magsimulang mag-iiyak ng sanggol sa uhaw, hiniling niya sa Diyos na pahupain siya na makita siyang mamatay. Ang paglitaw ng balon ay sinabi na bilang tugon sa pag-iyak ni Ismael, sa halip na sa kanyang pagsusumamo, at walang pagsisikap mula kay Hagar upang makahanap ng tulong ang naiulat doon. Gayundin, sinasabi ng Bibliya na ang balon ay nasa desyerto ng Paran, kung saan sila nanirahan pagkatapos. Kadalasang binabanggit ng mga iskolar ng Hudyo-Kristyano na ang Paran ay nasa isang lugar sa hilaga ng Peninsula ng Sinai, dahil sa pagbanggit ng Bundok ng Sinai sa Deuteronomio 33: 2. Gayunman, ang mga modernong arkeologo sa bibliya, ay nagsasabi na ang Bundok ng Sinai ay talagang nasa modernong o kasalukuyang Saudi Arabia, na kailangang pati rin ang Paran ay naroroon.[18]

---

Mga talababa:

[1] Fath al-Bari.

[2] Bagaman si Sarah ay ang kanyang kapatid sa ama o ina na babae (kalahating kapatid) ayon sa Genesis 20:12, na lumalabas na ang kanyang kasal ay incestual (sa loob ng pamilya), ang mga mapagkukunan ng Islam tulad ng al-Bukhari, ay iginiit na ito ay isa sa tatlong beses kung saan nakagawa si Abraham ng isang mapanlinlang na pahayag, dahil si Sarah ang kanyang kapatid na babae sa pananampalataya at pagiging-tao, upang maiwasan ang isang mas malaking kasamaan.

[3] Bilang karagdagan sa mga tradisyon, ang isang mas detalyadong kuwento ay binanggit din sa Bibliya, Genesis.12.11-20.

[4] *Sarah*. Emil G. Hirsch, Wilhelm Bacher, Jacob Zallel Lauterbach, Joseph Jacobs and Mary W. Montgomery. (http://www.jewishencyclopedia.com/view.jsp?artid=245&letter=S). *Abraham*. Charles J. Mendelsohn, Kaufmann Kohler Richard Gottheil, Crawford Howell Toy. The Jewish Encyclopedia. See also Genesis: 12:14-20.

[5] *Sarah*. Emil G. Hirsch, Wilhelm Bacher, Jacob Zallel Lauterbach, Joseph Jacobs and Mary W. Montgomery. (http://www.jewishencyclopedia.com/view.jsp?artid=245&letter=S). *Abraham*. Charles J. Mendelsohn, Kaufmann Kohler Richard Gottheil, Crawford Howell Toy. The Jewish Encyclopedia.

[6] *Pilegesh*. Emil G. Hirsch and Schulim Ochser. The Jewish Encyclopedia. (http://www.jewishencyclopedia.com/view.jsp?artid=313&letter=P&search=pilegesh).

[7] (http://whosoeverwill.ca/womenscripturehagar.htm, http://www.1timothy4-13.com/files/proverbs/art15.html).

[8] (http://www.studylight.org/com/acc/view.cgi?book=ge&chapter=016).

[9] Genesis 21:9.

[10] *Ishmael*. Isidore Singer, M. Seligsohn, Richard Gottheil and Hartwig Hirschfeld. The Jewish Encyclopedia. (http://www.jewishencyclopedia.com/view.jsp?artid=277&letter=I).

[11] 2Mac 7:27, 2 Chronicles 31:16.

[12] Si Abraham ay 86 gulang sa kapanganakan ni Ismael (Genesis: 16: 16), at 100 sa kapanganakan ni Isaac (Genesis 21:5).

[13] Genesis 21:15.

[14] *Saheeh Al-Bukhari*.

[15] *Musnad Ahmad*

[16] Ang isang katulad na kwento ay binanggit sa Bibliya, ngunit ang mga detalye nito ay naiiba. Tingnan ang Genesis 21:1 19

[17] *Saheeh Al-Bukhari*

[18] *Is Mount SINAI in the SINAI?* B.A.S.E. Institute. (http://www.baseinstitute.org/Sinai_1.html).

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/296/ang-kuwento-ni-abraham-bahagi-5-ng-7

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.